**NAETISL**
National Association of Educational Translators and Interpreters of Spoken Languages

**MODDC**
Missouri Developmental Disabilities Council

# Mga Pagpupulong ng IEP na Pinamumunuan ng Mag-aaral: Isang Gabay para sa Magulang

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling $1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.

# Mga Pagpupulong ng IEP na Pinamumunuan ng Mag-aaral: Isang Gabay para sa Magulang

## Ano ang isang pagpupulong ng IEP na pinamumunuan ng mag-aaral?

Ito ay isang pagpupulong para sa Programa ng Edukasyon para sa Indibidwal (IEP) kung saan ang mag-aaral ay nangunguna sa pagpaplano ng kaniyang sariling edukasyon. Sa halip na mga matatanda ang namumuno sa karamihan ng pag-uusap, aktibong lumalalahok ang mga mag-aaral at kung minsan, sila ang nagpapatakbo ng ilang bahagi ng pagpupulong.

## Bakit mahalaga para sa mga mag-aaral na pamunuan ang kanilang mga pagpupulong ng IEP?

Kapag namumuno ang mga mag-aaral, natututo silang magsalita para sa kanilang sarili (adbokasiya sa sarili) at gumawa ng mga desisyon tungkol sa kanilang hinaharap (pagpapasiya sa sarili). Makakatulong ito sa kanila na magtagumpay sa paaralan at maghanda para sa trabaho o kolehiyo sa pagtatapos.

## Paano naiiba ang isang IEP na pinamumunuan ng mag-aaral sa isang regular na IEP?

Sa tradisyunal na pagpupulong, ang mga mag-aaral ay karaniwang nagsasalita lamang sa 3% ng panahon. Sa mga pagpupulong na pinamumunuan ng mag-aaral, mas maraming pagbabahagi mula sa mag-aaral. Tumutulong siya sa paggabay ng mga desisyon at mas aktibo siyang nakikisali, sa halip na tahimik lamang.

Maaari bang lumahok ang lahat ng mga mag-aaral sa mga pagpupulong ng IEP na pinamumunuan ng mag-aaral?
Maaaring ayusin ang pakikilahok batay sa edad, pangangailangan, at lakas ng mag-aaral. Maaaring ang mga mas batang mag-aaral ay magbahagi lamang ng kanilang mga gawain o pag-usapan ang tungkol sa kung ano ang kinasisiyahan nila. Maaaring mamuno ang mga mas matatandang mag-aaral sa buong pagpupulong at tulungan ang koponan na gumawa ng mga desisyon.

**Paano maghahanda ang mga mag-aaral na pamunuan ang kanilang mga pagpupulong sa IEP?**
Ang paghahanda ay mahalaga. Maaaring tulungan ng mga guro at magulang ang mga mag-aaral sa mga ganitong paraan:

- Unawain ang kanilang sarili: kung ano ang mahusay nila, kung anong mga hamon ang kanilang kinakaharap, at kung paano nakakaapekto ang kanilang kapansanan sa kanilang pagtututo
- Unawain ang kanilang IEP: kung ano ang sinasabi nito at kung anong mga karapatan ang mayroon sila.
- Magplano para sa pagpupulong: praktisin kung ano ang sasabihin, lumikha ng isang agenda, at maghanda para sa mga katanungan. Maaari rin silang gumamit ng mga presentasyon o iba pang teknolohiya upang makatulong.

**Ano ang papel na ginagampanan ng mga magulang sa mga pagpupulong ng IEP na pinangungunahan ng mga mag-aaral?**
Ang mga magulang ay maaaring sumuporta sa pamamagitan ng:

- Pakikipag-usap sa kanilang anak tungkol sa IEP at proseso ng pagpupulong

- Paghihikayat sa kanilang anak na pamunuan ang ilang bahagi (o lahat) ng pagpupulong
- Pagpapanatili ng komunikasyon sa mga guro at kawani ng paaralan upang suportahan ang pakikilahok ng mag-aaral.

**Flexible ba ang mga pagpupulong ng IEP na pinamumunuan ng mag-aaral?**

Walang iisang paraan upang gawin ang mga ito. Ang bawat mag-aaral ay maaaring lumahok sa isang paraan na angkop sa kaniyang mga kakayahan at antas ng ginhawa, mula sa pagbabahagi ng kaunti hanggang sa pamumuno sa buong pagpupulong.

**Ano ang mga pangmatagalang benepisyo ng mga pagpupulong ng IEP na pinamumunuan ng mag-aaral?**

Ang mga mag-aaral na aktibong lumalahok ay nagkakaroon ng higit na motibasyon, tiwala sa sarili, at kasanayan sa pagtataguyod para sa kanilang sarili. Tinutulungan sila ng mga kasanayang ito sa paaralan, trabaho, at buhay pagkatapos ng pag-aaral.